7:6
8-16-11

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA NOONG AGOSTO 8, 2011, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LOUIE C. DE LEON | ... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Florencio C. Odejar | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laarni A. Malibiran | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rolando Moises E. Acapulco. | .. | Kagawad |
| Kagalang-galang Serafin C. San Juan, Jr. | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ronald P. Obligacion | ... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kagalang-galang Jose Mauro D. Gabinete | ... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

**KAPASIYAHAN BLG. 211-T2011**

**KAPASIYAHANG NAGKAKALOOB NG EKSEMPSYON SA SAMAHAN NG MGA MAMUMULOT SA SANTA CRUZ ENVIRONMENTAL COMPLEX, BARANGAY ALIPIT, SANTA CRUZ, LAGUNA SA PAGTUGON SA MGA "REQUIREMENTS" PARA SA PAGKILALA SA SAMAHAN .**

**SAPAGKA'T**, sa pakikipanayam ng mga kasapi ng sangguniang ito sa Pangulo ng Samahan ng mga Mamumulot sa Santa Cruz Environmental Complex, Barangay Alipit, Santa Cruz, Laguna, nabatid mula sa kanila ang hindi pagtugon sa "requirements" na hinihingi para sa pagkilala sa samahan dahilan sa kakulangang pinansyal upang makapag-asikaso at mabayaran ang mga kailangang papeles at pagpaparehistro;

**SAPAGKA'T,** isa itong samahang tumutulong na maiahon ang kanilang sarili at pamilya na kumita mula sa pamumulot ng basura.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Batas), na pinangalawahan at sinang-ayunan ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Magkaloob ng eksempsyon sa Samahan ng mga Mamumulot sa Santa Cruz Environmental Complex, Barangay Alipit, Santa Cruz, Laguna sa pagtugon sa mga "requirements" para sa pagkilala sa samahan.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Pinuno ng Pangkalahatang Paglilingkod at Samahan ng mga Mamumulot sa Environmental Complex, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Agosto 8, 2011.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim

NAGPATOTOO:

**KGG. LOUIE C. DE LEON**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN**
Punong Bayan